

# PROLOGUE

*Her name is Miranda. The hottest doctor you'll ever meet, and she doesn't seem to know it, too. Nakilala ko siya minsang magbakasyon ako sa California at sinamahan ko ang tita ko sa regular checkup nito sa hospital ng UCLA. She was nice enough to go out on a few dates with me, ngunit halata ring hindi siya iyong tipo na nakikipaglaro lang.*

*What we had wasn't even that physical. I didn't even get to really enjoy those luscious lips except to stare at them longingly whenever she talked. Natapos ang ilang buwang bakasyon ko na walang malinaw kung anong klaseng relasyon ba talaga ang mayroon kami.*

*But we both knew we got along.*

*Bago ako umalis ay sinabi ko sa kanya na sakaling magbalik siya sa Pilipinas ay hanapin lang niya ako. Malungkot na ngiti lang ang isinagot niya. It was as if it pains her to even think of coming back to her own country. But she said, sure, she will see me then.*

*But a guy's gotta do what he's gotta do when he's alone, lonely and had needs, right? I still dated around, got into several hook-ups when I got back here.*

*Like A Dream - Sachi Bliss*

---

*Wala naman kaming malinaw na usapan ni Miranda. Pero nang mag-email siya at nagpatulong maghanap ng matutuluyan na malapit sa hospital kung saan nakatakda siyang maglingkod, inialok ko agad ang Brighton Place. She accepted.*

*I offered to pick her up from the airport. She said yes.*

*Matapos ang ilan pang araw ng pagbisita niya sa mga kaanak ay muli ko siyang nakita sa lobby ng kanyang building. I asked her to have dinner with me, at muli ay pumayag siya.*

*We have been spending a lot of time since.*

*I really thought that after all these years, after searching for so long, after so much pain and disappointment, I have already found the one in Miranda.*

*But one only has to look into those soulful round eyes and he will know, that her heart will always belong to someone else.*

*At hindi ako iyon.*

# 1

“I don’t want this night to end.”

Miranda gently ran a hand through David’s taut, ripped back, stroking the damp skin, feeling it rise and fall with each breathing. Half of his body still covered hers, his face buried in the hollow of her neck, kissing and tasting it before murmuring those words.

Naroon sila sa pad nito. Hindi alam ni Miranda kung anong oras na. Ang alam lang niya ay ang saya at contentment na nararamdaman niya ngayon habang yakap siya ng lalaki. Twenty-four hours ago, ni hindi niya man lang ma-imagine na mangyayari ito.

She was ready to face another chapter of her life, as a new graduate of the state university’s College of Medicine. Plano niyang maghanda at kumuha ng medical board exam, pagkapasa ay magsisilbi siya ng dalawang taon sa isang pampublikong hospital sa kanyang home province, bago gugulin ang ilan pang taon ng residency at pagpapakadalubhasa sa ibang bansa. Wala sa plano niya ang mag-boyfriend o mag-asawa muna.

At twenty-two, and as one of the distinguished

graduates of their batch, ang long-term plans niya ay pawang umiikot sa pagsisilbi bilang doktor.

But not everyone knew that all these years, maybe even for the past seven years that they were batchmates and sometimes classmates, she had been secretly in love with David Liu.

Si David Liu, na siyang nagtapos bilang *magna cum laude* at class valedictorian ng batch nila. Si David na isa sa pinaka-popular campus figures sa dami ng babaeng may gusto rito. Si David na mula sa pamilya ng mga engineers at lawyers, at kauna-unahang doktor ng prominenteng angkan nito. Si David, na bagaman wala sa circle of friends niya ay naging parating mabait sa kanya, kahit pa siya iyong tipong tahimik at mailap.

David, the brainy campus heartthrob, secretly her first love, and the one she had just spent the past hours with. One moment, they were dancing during the last few hours of their post-graduation ball. The next she was in his arms, in his lap, in his bed, over and underneath him, making love.

Sa bawat paghalik at paghawak nito sa kanya ay palagi niyang tsine-check kung totoo ba ang lahat o baka nananaginip lang siya. But once they reached that first climax, and he called out her name over and

over, she knew... everything was real.

As real as him collapsing on top of her, panting and sweaty and eager to taste more of her. As real as the way he ran his fingers through her hair, or caress the side of her face, or kissed her as he kept telling her: *You're beautiful, Miranda. So damn beautiful...*

“Are you okay?” Nag-angat ito ng ulo at minasdan siya bago masuyong hinawi ang ilang naligaw na hibla ng buhok sa kanyang mukha. “Did anything hurt?” Worry creased his forehead. His soulful almond eyes looked at her intently.

“Must you really ask?” tinatamad ang boses na sabi niya, na nagpatawa rito bago siya niyuko at hinagkan sa mga labi.

“Inaantok ka na. Let's go sleep,” nakangiting wika anito bago hinila ang kumot at inayos iyon upang matakpan ang hubad nilang mga katawan. But then she felt his hand underneath, lightly caressing her flat tummy.

Hinuli niya ang kamay nito. “That's not how you get ready for sleep,” saway niya bago hindi na mapigilan ang mapahikab. She had never felt this tired and yet thoroughly satisfied.

How many times had they made love for the past

hours, anyway?

No matter, her heart still warmed at the thought that it would be his almost perfectly chiseled features that she would see before she closed her eyes. *And those dark almond eyes, those full lips...*

“You’re still beautiful even when you yawn.” Masuyong hinagkan nito ang kanyang sentido bago hinila siya palapit. “We will rest now.”

“Night, David...” bulong niya, sabay siksik pa ng sarili rito.

“Good night my beautiful Miranda.” She felt him kiss her lightly on the lips. “Sweetest dreams.”

*But this already feels like a dream...*

---

Hindi alam ni Miranda kung ilang oras na siyang nakatulog. Malamang ay wala pa iyong tatlong oras at kulang na kulang dahil mahilu-hilo siya at medyo kumikirot ang kanyang sentido nang mapilitang imulat ang mga mata dahil sa naririnig na kung anong tunog.

It sounded familiar, some alternative rock tune. Where was it coming from? Nag-angat siya ng ulo at nakitang may kung anong nagliliwanag sa nightsand

sa side ni David. Muli niyang ibinagsak ang ulo sa unan bago muling isiniksik ang sarili sa katabi.

Even through the faint light from the ringing phone and from the open door to the living room, she could make out his handsome features. Marahang naglandas ang hintuturo niya mula sa noo nito, sa pagitan ng mga mata, pababa sa ilong, papunta sa pisngi, sa panga, pabalik sa labi, kung saan ilang segundong nagtagal bago niya iyon hinagkan.

Then she contentedly closed her eyes again and went back to sleep. She pressed her body closer to his, making sure she kept warm.

Ngunit ilang minuto lang ang lumipas ay naramdaman niya ang bahagyang paglayo ni David, kasabay ang pagtigil ng pagtunog ng cellphone na ilang minuto ring paulit-ulit sa pag-ring.

“Hello?” paos pa ang boses na sabi nito.

Pinanatili niyang nakapikit ang mga mata. Kahit malat ay ang guwapo pa ring pakinggan ang boses nito. Nangunot ang noo niya nang marinig ang ingay na nagmumula sa background ng kung sinumang tumawag. Mukhang napindot ni David ang speaker ng cellphone, at hindi nito iyon namalayan.

“David our man!” bati ng nasa kabilang linya na

sinundan ng tawanan at kanyawan. “So how was it, Bro? Okay ba?”

“F\*ck you, Bro. Lasing na kayo. Ang lalakas ng boses n’yo!” inaantok pa ring tugon ng binata na nagpangiwi sa kanya.

Tawa lang ang isinagot ng kausap nito. “Are we interrupting something? Hindi pa ba tapos, Bro? Come on, break ka muna. Kuwentuhan mo muna kami. We have a bet going on aside from what we already have. Is Miranda Fortez still a virgin?”

Miranda felt her back stiffen. What bet? Nanatili siya sa puwesto, pigil na imulat ang mga mata. Naramdaman niya ang marahang paghaplos ni David sa kanyang mukha bago nito maingat na inalis ang kamay niya na nakapatong sa dibdib nito.

“F\*ck you all! Magsiuwi na nga kayo!” tungyaw na nito sa kausap. Mukhang mas gising na ito ngayon. Bumangon ito ngunit nanatili sa kama. “Bro, umaga na, manahimik na kayo. I am going back to—”

“Back to what you were doing with Miranda? Bro, konting share naman diyan. So how was she like in bed? We all know she’s one hot lesbian, but have you changed her mind now?” pangungulit pa ng nasa kabilang linya.



Miranda had to bite her tongue to keep from making any sound. May chismis sa school na lesbian siya? Ganoon din kaya ang tingin ni David sa kanya?

“She’s not gay.” Halata na ang iritasyon sa boses ni David.

“You mean, not anymore. Oy, Bro, walang atrasan, ha, ang laki ng pusta namin dito. Pucha, puwede na ’tong pang-*Amanpulo* nang isang linggo.”

“What are you—”

“Nagkayarian lang kayo ni Miranda, nagkamnesia ka na. Was it that good? Or bad? It can’t be that bad, Bro. We all saw how hot she looked earlier. Who knew she had curves, and in all the right places, man! You lucky bastard. No way you’re calling off this bet.”

*What bet? What on earth is going on?* naguguluhang naisip ng dalaga.

“F\*ck you, everyone! That’s all.”

Tatawa-tawang nagpaalam ang kausap nito sa kabilang linya bago narinig ng dalaga ang click, tanda na tapos na ang tawag.

“Bastards!” David muttered under his breath. Ilang sandaling sapo nito ang noo, mukhang hindi pa

gaanong nahihimasmasan. Mayamaya ay tumayo ang lalaki at nagtungo sa banyo. Paglabas ay may suot na itong roba bago tinungo ang pinto at lumabas.

Sinamantala iyon ni Miranda upang bumangon kahit nahihilo pa siya. Kinapa niya ang damit na nagkalat sa sahig at dinala iyon sa banyo, kung saan halos mawalan siya ng malay habang nag-aayos. Her entire body felt sore, she was dizzy and she could feel a throbbing pain in her temple.

Muntik pa silang magkabanggaan ni David nang lumabas siya ng banyo. Mukhang napansin na kaagad nitong wala siya sa kama kaya inabangan na siya roon. Nilampasan lang niya ito, kahit pa hirap siyang aninawin ang dinaraan dahil sa hilo at pananakit ng ulo.

“Miranda, are you all right? Saan ka ba pupunta?” tanong nito, sabay hawak sa braso niya.

Pumiksi siya. Lalong nagpaliyo sa kanya ang biglang paggalaw. *Oh God...* She felt a grumbling in her stomach. Wala pang alas siete ng gabi nang huli siyang kumain, sa graduation ball din mismo. Hindi siya nakakain nang marami dahil pakiramdam niya ay lolobo ang kanyang tiyan at babakat sa suot na hapit na deep purple halter dress na may manipis na criss-cross strap sa likod nito.

“Miranda, you are not well. Namumutla ka. Maupo ka muna,” masuyong sabi ni David bago siya inalalayan sa couch.

“My shoes,” mahinang sabi niya, sabay turo sa sapatos na nagkalat.

Tahimik na pinulot nito ang mga iyon at ito pa mismo ang nagsuot sa mga paa niya. Her eyes stung at the gesture. Hindi tama ito! This was the same man who probably made a bet with his friends that he could get her to bed.

And he won. “How much was it, David?”

“What?” Nanlaki ang mga mata nito nang tumingin sa kanya.

“How much for your success in taking me to bed, and f\*cking me three times, David?” ulit niya, almost spitting out his name.

“Miranda, I did not... it was not...” he stammered, then sighed. Mukhang napagtanto kaagad nitong walang silbi pa ang anumang paliwanag. She heard.

“Next time, tingnan mo kung hindi mo ba nai-on ang speaker o ano. Sayang, nakaisang round ka pa sana sa akin,” sarkastikong sabi niya bago napailing. Huminga siya nang malalim bago sumandal sa couch.

“I’m leaving.” Inabot niya ang clutch bag na nasa upuan. “May extra jacket ka ba? Malamig sa labas.”

“Ihahatid kita. Please, huwag mo namang isipin na dahil sa pustahan kaya nangyari ang kagabi. We both wanted it, Miranda. It was beautiful. It was—”

“Of course you would say that! Nakuha mo na, eh.” Nabasag ang boses niya. “Seven years, David... seven years...” Huminga siya nang malalim. What was the point of telling this cruel man that she had been into him since she was barely sixteen, and he was the smartest, most goodlooking seventeen-year-old she’d ever seen?

Mula sa tatlong taon nila sa preparatory hanggang sa nakalipas na apat na taon ng Medicine proper ng prestihiyosong seven-year *UP IntarMed*, si David lang ang tanging lalaking hinangaan, itinangi at minahal niya nang ganito.

Masaya na siyang nakasama ito buong gabi. Hindi na siya umaasa ng iba pa. Ngunit hindi rin naman niya kayang tanggapin na ang gabing ito pala ay hindi dahil sa pareho nila itong ginusto kundi dahil sa isang pustahan.

Now everyone in their batch must know that their class salutatorian wasn’t as smart as they thought.

“What about the last seven years, Miranda?” may pakiusap sa mga matang tanong ni David.

Hindi siya sumagot. Sa halip ay nagpilit siyang tumayo, ngunit dahil naliliyo pa talaga siya ay pabagsak siyang napaupo muli sa couch.

“Damn, Miranda! I am not letting you go anywhere,” anito bago aktong bubuhatin siya ngunit nagpumiglas lang siya.

“Let me go, David. Please.” Muling nahilam ang mga mata niya sa luha. “Please,” ulit niya. She hated it. She hated crying and looking helpless in front of him.

Napabuntong-hininga ito. “All right. Pero namumutla ka. Let me get you some coffee and something to eat.” Tumayo ito at nagtungo sa kusina. Siya naman ay tahimik na pinahid ang luha bago kinuha ang cellphone. Hinanap niya ang number ng suking taxi driver na alam niyang palabas na ng ganitong oras at nagpasundo. Nag-reply kaagad ang lalaki at sinabing darating na ito within thirty minutes.

“Ubusin mo ito. Kung ayaw mong magpahatid, then let me just get you a cab,” turan ni David nang bumalik sa sala. Inilapag nito ang tray na hawak

bago iniabot sa kanya ang tasa ng mainit na kape na nakalagay sa saucer.

“Nag-text na ako sa suki kong driver.”

Napailing ito bago nagbalik sa kuwarto at paglabas ay dala na ang isang light green hoodie jacket na madalas niyang nakikitang suot nito sa ward lalo kapag tag-ulan. Ito mismo ang nagbalabal niyon sa kanya, pagkatapos ay naupo sa kanyang tapat at minasdan siya habang iniinom niya ang kape. It was sweet and creamy, just the way she liked it. Masarap din ang cheese cupcake na isinilbi nito, ngunit isa lang ang kinain niya.

Hindi na siya makahintay na makaalis. Hindi na niya kayang tagalan ang paraan ng pagkakatingin sa kanya ng binata. He looked at her as if he actually cared. As if what he had with her last night was something he sincerely wanted.

But she wouldn't let herself be fooled again.

Nang maubos ang kape ay umayos ang pakiramdam niya. Pagtayo ay hindi na siya naliliyo. Tolerable na rin ang nararamdaman niyang sakit sa sentido.

But God, her entire body still felt heavy. And warm and tingly from all that he did to her last night.

*Like A Dream - Sachi Bliss*

---

Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi sa naisip. Kahit bumubuway sa suot na sapatos na may three-inch heels ay tinungo niya ang pinto. Ramdam niyang nakasunod si David, tila handa itong umalalay sakaling bumagsak siya.

Ipinagbukas siya nito ng pinto. May pakikiusap pa rin sa mga mata nito habang nakatingin sa kanya.

But no look from those soulful almond eyes would make her fall for the likes of him ever again.

## 2

There is an unwritten rule among surgeons against drinking coffee, especially in the morning and on a day when one is scheduled to perform a surgery. Nagiging sanhi kasi iyon ng panginginig ng mga kamay at hindi iyon acceptable habang nagsasagawa ng operation gaano man kabihasa.

On that cool, drizzly Wednesday morning though, Dr. David Liu, one of the surgical residents at *Saint Martin's Medical Center*, had two cups of steaming black coffee. Kailangan niyang magising at maging alerto dahil bukod sa regular rounds sa emergency, trauma at ICU units ay may mga naka-schedule din siyang consultations.

Thirteen of them, in fact, at kahit magpipitong taon nang ganoon parati ang kanyang schedule ay hindi pa rin niya maisip kung paano niyang nalalampasan ang bawat araw na natutugunan niyang lahat iyon nang hindi nasasakripisyo ang quality ng kanyang serbisyo.

Hindi pa siya gaanong nakakabawi ng pahinga mula sa sixteen-hour shift niya nang nagdaang araw kung saan kalahati niyon ay ginugol niya sa



loob ng operating theatre. It was a gruelling but very successful series of transplant surgeries and he was bracing himself for another tomorrow. For now, though, he would like to stay alert and awake, and not think that his body still felt quite sore.

Katatapos lang niyang i-review ang charts ng mga bagong pasyenteng dumating nang nakaraang gabi at sandaling nakipag-confer sa mga partners niyang paalis na mula sa night shift ng mga ito. Dinaanan din niya ang ilang pasyenteng naka-schedule na operahan sa susunod na mga araw partikular na ang ooperahan bukas. Ngayon ay hinihintay lang niya ang iba pang kasama rito sa conference room ng main surgical floor para sa kanilang regular meeting tuwing umaga at bago tuluyang magsimula ang kani-kanyang shift.

He sat by the bay window, looking out into the dark grey clouds and the light traffic along Tomas Morato Avenue three floors below. Ang ibang kasama niya ay nagkani-kanya nang puwesto at panay may hawak na babasahin.

“Good morning, everyone!” masiglang bati ng kapapasok lang na si Dr. Sofia Lucero, ang kanilang department head. Kaagad na napangiti si David. The good lady doctor had always been a mother figure for most of them, dahil karamihan sa kanila ay mas bata

rito. Only in her early fifties, she also happened to be one of the most renowned in the country, especially in the field of transplant surgery.

Patungo pa lang siya sa palagi niyang pinupuwestuhang upuan sa malaking oval table nang tila lumukso ang puso niya sa napansing kasunod ni Dr. Lucero. A tall, slender woman looked around as she walked into the room. Her shoulder-length, slightly wavy fringy hair bounced as she walked. Her keen, round eyes scanned the room with quiet awe, as if she could not believe she was there.

Miranda Fortez. He felt his insides tighten. Hindi niya ito inaasahan. Ni walang anumang ibinalita si Dr. Lucero na ito ang magiging bagong addition sa team nila. It was actually a given since this new state-of-the-art hospital wing was even named after her father, who passed away two years ago. *But still...*

Kinuha ni Dr. Lucero ang atensyon ng lahat at ipinakilala ang kasama nito. “This is Dr. Miranda Fortez, the late great Dr. William Fortez’ daughter. She just came back from years of residency at the *UCLA Hospital* and fellowship at *Wheeling Hospital* in West Virginia.”

*God, she’s even more beautiful now.* At kahit balot na balot ito at suot pa ang mandatory white

coat ay wala pa rin siyang ibang maisip kundi ang huling gabing pinagsaluhan nila. What she wore now was shapeless, almost unflattering, but he knew underneath those were soft, womanly curves that felt good to touch.

Napabuga siya ng hangin nang maramdaman ang paninikip sa iba pang bahagi ng kanyang katawan. Paupo na sana siya upang kahit paano ay ma-relax ang sarili, ngunit noon naman lumapit sa gawi niya si Dr. Lucero kasunod si Miranda.

“Dr. Liu, since you and Miranda were in the same batch and will be working together on tomorrow’s thrombectomy case, why don’t you two sit together?” nakangiting sabi ng nakatatandang doktora kasabay ang bahagyang pagtaas ng kilay. Mapanuri ito kahit maraming ginagawa at maraming nasa isip, at tiyak na napansin ang reaksiyon niya kay Miranda.

Kay Miranda na ngayon ay hindi niya mawari ang expression sa magandang mukha. It was obvious she recognized him, but her face was neutral.

*Actually, Dr. Lucero, we have done more than sit together...*

Iniabot ni Miranda ang kamay sa kanya. “Hi, nice to see you. I was briefed about the case we will be

working on tomorrow and I suppose we could meet with the patient after this?” she said with a slight smile.

Napakurap ang binata. Pakiramdam niya ay hinihila siya sa trance ng boses na iyon. He had always loved listening to Miranda’s deep, husky voice even before. Kapag nagre-recite o nagre-report ito sa klase dati ay tutok ang atensyon niya rito.

That same voice, in a much lower register, also alternately moaned and called out his name that night they made love.

“Dr. Liu?” tawag nito sa kanya, ngayon ay nakaarko na ang kilay. Narinig din niya ang mahinang tawanan ng mga kasama. Napatingin siya sa kamay ni Miranda at kinuha iyon.

“David,” he blurted out, dahilan upang matawa muli ang mga kasama nila. Amused na nakatingin din sa kanya si Dr. Lucero. “I mean... uh, yes, Dr. Fortez... it’s nice to see you again.”

He gently squeezed her hand, which was warm and a bit rough, and gently ran his thumb across her long fingers. He could almost feel them tracing circles on his shoulders, down to his chest, to his abdomen. *Shit!* Parang napapasong binitawan niya ang kamay

nito bagaman hindi inaalís ang tingin sa dalaga.

“We’ll meet with the patient later,” he said.

Tumango ito bago halos magkasabay na silang naupo. Amused na minamasdan pa rin sila ng mga kasama. Karamihan doon ay mas matanda sa kanila, may asawa na at kadalasan ay pinagdidiskitahan ang pagiging *single and always available* na status niya.

Wala sanang magkomento tungkol sa reputasyon niya sa hospital ngayon. *Wala sana...*

“Dr. Fortez, bago tayo mag-umpisa ay gusto sana naming paalalahanan ka tungkol kay Dr. Liu. He may be among the most brilliant and skilled surgeons we have here, and may seem like he couldn’t hurt a fly...” nakangising sabi ng isa sa mga senior residents na si Dr. Andy Corpuz, na itinuturing pa mandin niyang isa sa pinakamalalapit niyang kaibigan at kuya-kuyahan.

Matalim na tingin ang ipinukol niya rito.

“Actually, hindi pa namin siya nakikitang nakipag-flirt sa kahit na sinong kapwa resident dahil karamihan ay taken na. But it looks like he would make an exception on you this time,” dagdag pa ni Dr. Vanessa Tiangco, na sinundan ng nakakalokong tingin ng iba pa nilang kasama.

Napailing siya. “Ako na naman ang nakita niyo.”

“Actually...” Miranda began coolly before she glanced at him, then smiled at the other doctors. “Hindi na kayo dapat mag-alala. I’m seeing someone right now,” sabi nito, dahilan upang kunwa ay masaktan ang ibang ka-meeting nila on his behalf.

“Ouch, basted agad.”

David tried to keep a straight face, kahit parang naghalo ang gulat at pag-iinit ng ulo niya. Miranda had a boyfriend?

Back when they were still in school, hindi niya ito nakitaan o nabalitaan man lang na may boyfriend. May impresyon pa nga siyang marahil ay istrikto ang ama nitong naging professor din nila dati. May usap-usapan din noon na lesbian ito dahil bruskong kumilos at parating sweet sa mga nakikita nilang kaibigan nitong babae.

Kapag may school functions ay hindi man lang nila ito nakitang nagbestida o palda ang dalaga. Kaya nga na-shock ang lahat noong gabi ng post-graduation ball nila, nang dumating itong mukhang diyosa at kung may award lang noon para sa pinakamagandang attendee ay tiyak na ito ang panalo. Miranda herself pretty much quashed all rumors about her preference.

At kung mayroong sinumang kukuwestyon pa roon ay siya ang makakaharap.

Again, the tightening in his stomach made him want to curse out loud. Katabi lang niya ang babae at naamoy pa niya ang shampoo at cologne na gamit nito. Ibayong self-control ang pinairal niya huwag lang tumaas ang kamay at damhin ang buhok nito.

Hindi lubos-maisip ni David na may ibang lalaki na sa buhay nito. So she was seeing that man. It must be new. At least, she was not married yet. May magagawa pa siya.

Now that she was here, he could no longer imagine even thinking about any other woman.

He would have her back, in his arms, in his life... no matter what.

---

“Mabuti at naisipan mo nang umuwi, Miranda. First day mo pa lang dito, hindi mo kailangang patayin agad ang sarili mo sa trabaho.”

Ngumiti lang siya kay Dr. Lea Mondragon, ang isa pang babaeng surgeon ng *Saint Martin's Medical Center* habang palabas ito ng lounge bitbit ang bag nito. Kanina lang ay si Dr. Tiangco ang nakasalubong

niya, na halos ganoon din ang sinabi.

Kung parang mother figure si Dr. Lucero, parang protective na ate naman ang dalawa pang babae, na kaagad niyang nakasundo. Kapwa pamilyado na ang dalawa.

“Sabay na tayong lumabas,” sabi pa nito na tinanguan lang niya bago dumerecho sa locker area kung saan inalis lang niya ang kanyang coat at maayos na itiniklop bago isinilid sa kanyang backpack. Sandaling minasdan ni Miranda ang sarili sa salamin, sinuklay ng daliri ang buhok bago lumabas. Inabutan siya ni Lea ng isang cup ng hot chocolate na marahil ay kinuha nito sa vending machine doon.

“Drink up. Medyo namumutla ka. Diyan sa Scout Madriñan lang ako nakatira, saan ka ba umuuwi? Puwede kang kumain muna sa bahay kung gusto mo.”

Inisang lagok lang niya ang iniabot nitong inumin bago inilagay iyon sa trash bin. “Sa *UP Village* ako, Ate. Sa *Brighton Place*. Magkikita naman kami ng boyfriend ko for dinner.”

“Oh, well, mabuti naman. I’m glad nakapag-settle ka na agad.”

“Yes.” Napasulyap siya sa locker area ng mga lalaki. Kalalabas pa lang din doon ni David na kaagad



dumerecho sa vending machine.

“O, eto pa ang isang addict sa trabaho,” naiiling na komento ni Lea. “May schedule pala kayo bukas, dapat ay kanina pa kayo umuwi. You know how those things can get.” Iniangkla nito ang braso sa kanya. “Let’s go.”

Sumabay sa kanila si David. “Ate Lea, naglilihi ka ba? Parang ganyan ka din ka-sweet sa akin dati when you were pregnant with Colton.”

“Sana. I want a girl this time, at sana kasingganda nitong si Miranda.”

“Hindi ka pa nakontento sa anak na kasingguwapo ko?” he grinned and looked her way.

Kaninang umaga pa iniawasan ni Miranda na huwag maapektuhan sa presence ng lalaking ito ngunit mahirap. Especially when he would smile at her like this.

That smile accompanied by that look in his eyes that seemed to say: *I know something you don't.*

“Well, gusto ko naman ng tipong magmumukhang model o beauty queen paglaki. Kahit kasintaas lang nitong si Miranda,” sabi ni Lea. “Ano nga ang height mo?”

“Five-eight,” halos sabay pa nilang sabi ni David. Nangunot ang noo niya. *He knows?*

“Vital statistics: thirty-three, twenty-four, thirty-f—”

Dumukwang siya at sinuntok ito sa braso. Makahulugang ngumiti lang ang lalaki.

Natawa si Lea. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanila. “Friends ba kayo noong med school?”

“No,” mabilis na sagot niya.

“More than friends?”

“No,” sagot muli niya kasabay ang ‘yes’ ni David.

“Kaaliw kayo. Alin ba talaga?”

“More than friends, Ate Lea. I had a crush on her then,” nakangiting wika ng binata.

Pinanlakihan lang niya ng mga mata ang lalaki.

“Well, sorry ka na lang, David, at may boyfriend na siya,” nangingiti pa ring sabi ni Lea bago nagpaalam na nang makarating sila sa parking area.

Walang salita namang naglakad na siya papunta sa sariling sasakyan.

“Hey, wait, you need a ride?” tawag ni David.

Sumusunod ito sa kanya.

“I have a car, malapit sa East entrance lang naka-park.”

“Saan ka umuuwi ngayon? Doon pa rin ba malapit sa *UP Manila*? O sa bahay ng daddy mo?”

“I gave up that place in Padre Faura years ago. At masyadong malayo ang bahay ni Daddy.” She felt a hint of sadness at the mention of her late father. “Sa *Brighton Place* ako, d’yan sa *UP Village*,” pagbibigay-alam niya, matigil lang ang lalaki.

He didn’t have to know she was still reeling from her shock earlier that day when she found out that not only was he working in the same hospital, but they would be in the same department as well.

“I have to go,” sabi niya dahil hindi na niya matagalan ang tingin nito. May hangganan din ang reserba niyang tapang sa araw na ito.

Kahit maraming taon na ang dumaan, nasasaktan pa rin siya sa tuwing maiisip na ito ang unang lalaking minahal niya, na nagawang paglaruan at saktan din siya.

Ngunit kung gaano kabilis ang ginawa niyang pagtalikod kay David ay ganoon kadali rin nitong

nahagip ang braso niya. Sa pagkabigla sa ginawa nito at sa bigat ng dalang backpack ay muntik na siyang mawalan ng balanse, kung hindi lang siya nito naalalayan ng isa pa nitong braso.

Soon, she found herself trapped in his arms, standing so close, her entire body pressed to his. Hindi niya inakalang matapos ang maraming taon ay muling kakabog nang ganito kabilis at kalakas ang kanyang dibdib. At sa parehong lalaki pa.

And this, with his hot breath fanning her face, with her feeling every rise and fall of his chest as he took each breath, and him looking at her as if his lips would be on hers anytime, triggered a lot of memories. They were not welcome. She should be pushing him away now, and turning to leave.

Ngunit nanatili rin lang siyang nakatingin sa binata at hinihintay ang susunod nitong gagawin.

“Hinanap kita, Miranda. Nobody could tell me, or wanted to tell me where you were.”

She blinked. Hindi niya iyon inaasahan.

“I even faced up to your dad, pero kahit siya ay ayaw ipaalam sa akin kung nasaan ka. Huwag na raw kitang guguluhin.”

Mas ikinagulat ni Miranda iyon. Ilang araw matapos ang nangyari sa kanila ni David ay nagkaroon din ang bulung-bulungan tungkol sa naging ugnayan nila. Nobody spoke of a bet, but everyone knew the two most brilliant members of their batch had a one-night thing after the post-graduation party.

Ginawan tuloy ng paraan ng daddy niya na ma-assign siya sa ibang hospital sa kabuuan ng kanyang required two-year residency upang mapangalagaan siya. Bantay-sarado rin siya ng mga kaanak, na labis niyang na-appreciate. After getting her heart broken like that, the few close friends and big close-knit family she had was what a tortured, lonely girl needed to move on.

Had she moved on? “No.” Umiling siya bago pilit kumawala sa pagkakayakap ng binata. Hinayaan naman siya nito, ngunit hindi bumitaw ang tingin ni David sa kanya. Nakasunod pa rin ito hanggang sa marating ang kanyang sasakyan. Habang binubuksan iyon ay nag-ring ang cellphone niya. “Hey, gorgeous,” bati niya sa caller. It was her friend Connor, who owned the apartment complex na tinutuluyan niya, at siyang constant date niya simula nang magbalik sa bansa. She glared at David, quietly telling him to leave. Ngunit nanatili ito sa kanyang tabi.

“Yes, I’ll be there in less than thirty minutes,” aniya sa kausap sa kabilang linya. “That sounds wonderful. All right, I miss you, too,” sagot niya sa bawat sinasabi nito. Sa sulok ng mga mata ay nakikita niya ang paglalim ng pangungunot ng noo ni David.

“Make sure you get enough rest tonight and be early tomorrow, Dr. Fortez,” sabi nito, matamang nakatingin sa kanya. “We’re about to deal with a delicate case.”

Tiningnan niya ito nang masama, hindi naman ito natinag. “Oh, yes, that’s Dr. Liu. Yup, may schedule agad ako tomorrow. I will tell you all about it. See ya, handsome,” aniya sa kausap bago tinapos ang tawag.

“Just Dr. Liu, huh?”

Hindi pinansin ni Miranda ang lalaki. Lumulan na siya sa sasakyan at binuhay ang makina. Tumabi lang si David at hinayaan siyang makalabas ng kanyang slot. Dama niyang nakamasid ito hanggang sa tuluyan nang makalabas ng hospital compound ang kanyang sasakyan.

# 3

“Thank you, Dr. Fortez. Alam kong kaninang umaga bago ipasok sa operating room ang asawa ko ay alam na niyang magiging maayos ang lahat. He was right. He was so happy when he found out yesterday that you will be assisting in his surgery. Your father always looked after him since he had his first bypass, you know. He said you were just like your father when you talked to him yesterday.”

Halos ayaw nang pawalan ni Mrs. Andrea Escobar si Miranda nang daanan niya ito at ang mga anak nito sa waiting room matapos niyang mag-scrub out. The past several hours inside the operating room was gruelling, but the surgery they performed on the woman’s sixty-five-year-old husband went well. Ngayon ay nagpapahinga na ang matandang lalaki at mamaya lang ay maaari nang ilipat sa recovery room.

“Your husband is very brave, Ma’am. At nakita ko po kanina kung gaano niya kagustong gumaling. Hindi po siya pasaway at sinunod ang lahat ng ibinilin ng iba pang mga doktor,” nakangiting sabi niya sa ginang at sa mga anak nito na kanina lang ay inulan siya ng tanong. Halos tatlumpung minuto na yata

siyang naroon at kausap ang mga ito.

She liked talking to patients and their relatives, and explaining to them everything they needed to know about a certain condition or surgery. Di iilan ang humimok sa kanya dati pa na i-consider din ang pagtuturo dahil magaling daw siya sa bagay na iyon, ngunit mas gusto niyang mag-full-time sa pagiging surgeon.

“Salamat talaga, Hija. Pakakawalan ka na namin at mukhang kailangan ka na ni Dr. Liu,” nakangiting saad pa ng nakatatandang babae.

Tumaas ang kilay niya. “Po?” Napalingon siya at nakitang isang metro lang ang layo ni David, na nakapagbihis na at matamang nakamasid sa kanila. Pinasalamatan din ito ng mga Escobar bago niya ipinaubaya sa ilang nurses ang mga ito upang mag-assist sa pagpasok sa kinaroroonan ng pasyente.

Walang salitang nagpatiuna na siyang naglakad, ngunit mabilis siyang nasabayan ng binata. “You were great. I have never seen such concentration inside the OR. Gusto na ngang ipasa na lang daw sa ’yo ni Dr. Javier ang ginagawa niya at panoorin ka na lang. *The Dr. Javier*, at alam natin kung gaano ka-idol ng isang iyon ang daddy mo.”



“Well, maybe that’s why he wanted me to take over,” aniya. Minsan ay naiinis siya na parating ikinukumpara sa ama. Mas gusto niyang isipin na magkaiba sila nito. For one, she did not want to devote one hundred percent of her life in the medical profession. Gusto niyang bigyan din ng panahon ang ibang bagay, at mga taong mahalaga sa buhay niya.

Her father may be a brilliant doctor and a skilled surgeon, one of the best when he was still alive. But he failed as a family man. Di iilang beses niyang narinig sa kanyang mommy noon habang umiiyak sa kanyang lola sa ama, na parang pinakasalan lang ito ng daddy niya upang pagbigyan ang mga magulang nito.

He provided for them, was present during some important events in her life, but he was always in a hurry to leave. Na tila obligado lang itong maging present. Ang palagi nitong idinadahilan ay ang trabaho nito. Mahal niya ang ama ngunit pakiramdam niya ay malayo ang loob nito sa kanya.

Kaisa-isang anak lang si Miranda, at ang kanyang ina ay naging depressed pa dahil sa kakulangan ng panahon ng asawa para rito. She eventually committed suicide when she was in her first year in Medicine proper. It was one of the darkest moments

of her life. Hindi niya inakalang magiging ganoon kahina ang ina, ngunit nasaktan din siya.

Sa kabila niyon ay pilit pa rin niyang inunawa ang ama. Dahil nasa medical school na siya ay inakala niyang magiging mas malapit na ang loob nito sa kanya. But still, he was always too busy.

Palagi itong nagmamadali sa tuwing may lunch o dinner date sila. Ni hindi nito gustong isinasabay siya sa tuwing papunta sa pinapasukang hospital sa umaga, at siya ay papasok sa *UP*. Sa halip ay ikinuha siya nito ng isang condo unit sa Padre Faura.

Para raw hindi na siya mapagod, para ang oras na ibibiyahe niya ay ipahinga na lang niya. Somehow though, she had a feeling her father just didn't want her around much because she was somewhat interfering. With what, she didn't know.

Nag-aral si Miranda ng Medisina hindi lang dahil gusto niya, kundi dahil nais din niyang mas maunawaan pa si Dr. William Fortez. Ang tingin niya dati rito ay superhero. Naririnig niya ang mga kuwento tungkol sa kung gaano ito kagaling na surihano, kung gaano karaming buhay ang nailigtas nito. Kakaibang high marahil ang dulot ng kaalamang ganoon ang nagiging impact sa buhay ng iba. She wanted to be like him, but she also resolved to be

less of the superhero and be more human.

He died two years ago, because of a ruptured aneurysm that was probably caused by him getting less rest and too much work. Muntik pa siyang hindi makauwi noon dahil kasabay ng trahedyang iyon ang ilang exams niya na may kinalaman sa pagkuha niya ng lisensya bilang surgeon. She barely saw or noticed anyone else then, for her few days back were spent grieving for the father she didn't quite know.

Nang makabalik siya sa California at natapos na niya ang exams, saka lang niya nakuhang umiyak nang umiyak.

“Miranda?”

Napakurap siya, ramdam ang pamamasa ng mga mata. Noon din niya na-realize na nakahinto pala siya sa gitna ng hallway na mabuti na lang at halos walang ibang dumadaan nang mga sandaling iyon. Marahas na pinahid niya ang luha bago huminga nang malalim, pagkatapos ay nagpatuloy na sa paglalakad.

“I think you should go home now. Ibigay mo na lang sa akin ang ilang gagawin mo ngayon at ako na ang bahala,” sabi ni David nang hawakan siya nito sa braso at iabot sa kanya ang isang bote ng tubig.

Napatingin siya rito bago kinuha ang mineral water. Tahimik na uminom siya hanggang sa mas gumaan ang kanyang pakiramdam. “I’ll be fine. Magra-rounds na lang naman ako. Kaya pa.” She smiled at him weakly. “Thank you.”

Ilang sandaling minasdan siya ng lalaki, na parang hindi pa makapaniwala, bago napangiti na rin. “No problem. Uh...” Isinuksok nito ang mga kamay sa magkabilang bulsa ng coat. “How about dinner later, Miranda? May alam akong—”

“Dr. Liu.” Bumuntong-hininga siya. “I am grateful but that doesn’t mean I would want to be with you outside of work.” Napailing siya. “Sa tingin mo ba, gugustuhin ko talaga iyon?”

Napatingin si David sa kanya. Parang hindi nito alam kung ano ang sasabihin.

“You made it clear, years ago, na hindi ako karapat-dapat para sa isang gaya mo. Don’t tell me you changed your mind now, Dr. Liu,” mahinang saad niya at derechong tiningnan ito. “You had your shot then, and boy, was I too damn generous.” Muli siyang napailing. “You blew it and there’s no way I’m giving another shot.” Iyon lang at iniwan na niya ito. Binilisan niya ang paglalakad, sinisigurong hindi siya maabutan.

Because if he did get to catch up with her and hold her again the way he did yesterday, she knew she just might change her mind.

---

“Dr. Liu, nami-miss ka na daw ng mga fans mo sa nurse station.”

Matalim na tingin lang ang isinagot ni David sa mga kaibigan niyang doktor din na sina Ryan at Greg, na kasama pa ngayon ni Dr. Corpuz upang asarin lang siya. Sabado ng hapon at patapos na ang isa na namang toxic na araw na ginugol niya sa dalawang surgeries. Ang isa ay ang pag-ayos sa binti ng isang lalaking nasagasaan ng motorsiklo at ang isa naman ay colostomy reversal.

At parehong kasama niya si Miranda nang gawin ang mga iyon.

“Kunsabagay, kung tatambay ka pa doon, ikaw naman ang may mami-miss dito,” dugtong pa ni Ryan, na kulang na lang ay ambaan niya ng suntok dahil nakita niyang papasok sa call room si Miranda. Kasunod nito ang isa sa mga bagong residents nila na halata kaagad ang malagkit na tingin sa babae.

“Uh-oh, mukhang type din ni Papa Enzo si Dr. Fortez,” nang-iinis pang sabi ni Andy. Kung siya ay

kilala sa pagiging malandi sa mga nurses at interns, si Enzo naman ay kilala sa kayabangan nito.

“Shit!” he muttered under his breath when he saw Enzo place an arm around Miranda, na kaagad inalis ng babae.

“Pucha, ibang klase talaga ’yang si Madrigal,” naiiling na sabi ni Greg.

Pinanatili ni David ang tingin sa mga ito. Miranda actually looked bored, at mukhang nagpapaka-polite na lang. Hanggang sa marahil ay tuluyan nang nainip ang babae, napatingin sa gawi nila at lumapit.

“Heto na pala ang mga ka-meeting ko. We’re conferring about a case we’re set to work on this Monday. ’Bye, Dr. Madrigal,” sabi nito kay Enzo na tila bantulot pang lumabas ng open plan office space o call room nila. Napailing ang dalaga bago may iniabot na isang malaking envelope kay Andy. “Miss Ambrosio’s x-ray. A high risk mechanism of an injury such as hers needs a CT scan.”

“I will see to it right away,” nakangiting tugon ni Dr. Corpuz. “Well, Miranda, you totally deserve your first day off work. Ano’ng plano mo ngayong weekend? Ngayong gabi?” tanong nito, sabay sulyap kay David.

Miranda smiled. “Dinner with my favorite chef since I haven’t seen him in a couple of days.” Tumingin ito kina Ryan at Greg. “Uy, napunta na ba kayo sa *Cielito’s*? Dalaw kayo minsan, they have themed buffet nights.”

Nagkani-kanya nang kuwento ang mga kasama niya tungkol sa *Cielito’s*. David still couldn’t get over the fact that Miranda’s boyfriend was former model-turned-entrepreneur and chef Connor Vallejo. Kilalarin sa pagiging playboy ang lalaki. Ano ang nangyari at naging boyfriend iyon ng dalaga?

And he thought she would know better now.

Sinundan niya ito matapos ang eksena nila sa parking lot noong Miyerkules ng gabi. Gusto lang niyang makita kung ano ang hitsura ng date nito. Kaagad nag-init ang ulo niya nang makilala ang lalaki. He was good-looking, alright, but he thought Connor was too much of a free spirit for Miranda.

Napamura pa siya nang malakas nang makitang hinagkan nito sa mga labi ang babae. It was just a light kiss, but it was enough to drive him crazy.

“May gigs doon pag weekends. You might want to check it out. Magaling ’yung bandang tumutugtog doon pag Saturday. Ang gaganda pa ng lead singer

at violinist,” Miranda was saying.

“*Sui Generis*,” singit niya.

Takang tiningnan siya ng mga kasama.

“That’s the name of the band. Si Divine, ’yung kapatid ko, ang violinist; kaibigan niya ’yung singer na bassist din.” Tiningnan niya ang mga kaibigan. “Kunsabagay, okay ngang ideya iyon. Ilang beses na din akong niyayaya ng kapatid ko sa gig nila sa *Cielito’s* at hindi lang ako pumupunta dahil baka makapambugbog lang ako ng mga lalaking kakaiba ang tingin sa kanila ni Sharleen,” tukoy niya sa kaibigan ng kapatid.

“So, you’ll be there tonight?” nangungunot ang noong tanong ni Miranda.

He grinned. “Excited ka?”

“Eat something, Dr. Liu,” nailing na sabi nito. Kumaway muna ito sa mga kasama niya bago tinungo ang isang cubicle at hinarap ang computer doon.

“Basag,” nakangising sabi ni Andy.

May paghahamong tiningnan lang ni David ang mga kaibigan. “Who’s game tonight? My treat.”